

Ang Bagong Lipunan, 1972-1986: Isang Panimulang Pag-aaral sa Musika at Lipunan*

Raul C. Navarro

ABSTRACT

The essay shows the vital role of music in shaping Filipino consciousness. The Spaniards used music to introduce the Catholic faith while for the Americans, it was a vehicle to teach English in the Philippine public school system. The importance of music in nation-building is particularly evident in the Marcos period where this was used as an ideological tool for promoting the tenets of the New Society. The discourse of the New Society was introduced in both public and private schools through music, and propagandistic songs dominated the airwaves and television. However, music became an instrument for a counter-discourse in the twilight of the New Society. Such music was played in underground radio programs during the Marcos era, but this was later mainstreamed when the dictator was exiled in Hawaii.

Keywords: *New Society, discourse, counter-discourse, institution, classroom*

PANIMULA

Ang lipunang Filipino sa panahon ng Batas Militar, sa aspektong pangkasaysayan nito, ay paksa ng maraming pag-aaral. Ang mga literatura ukol sa aspektong pampolitika-ekonomiya ng panahon ay sentro ng mga akademikong saliksik (Hal., *Unequal Alliance, 1979-1986: The World Bank, the International Monetary Fund,*

*Binasa bilang *Sigma Delta Phi Professorial Chair Lecture* noong Hunyo 18, 2007, sa Museo ng Instrumento, UP Kolehiyo ng Musika.

and the Philippines ni Robin Broad, *The Anti-Marcos Struggle: Personalistic Rule and Democratic Transition in the Philippines*, ni Mark Thompson; *The Political Economy of Growth and Impoverishment in the Marcos Era*, ni James Boyce, at iba pang akda). Maging ang sining biswal ay pinag-aralan na rin (Hal., *Protest/Revolutionary Art in the Philippines, 1970-1990* ni Alice Guillermo). Ngunit ang musika bilang isang mahalagang tagapagbuo ng kultura sa Bagong Lipunan ay tila nakaligtaan.

Ang musika bilang isa sa mga tagapagbuo ng kultura ay may malalim na impluwensiya sa kamalayan ng tao. Kahit sa mga naunang panahon sa ating kasaysayan, ang Kastila, Amerikano, at Hapon na nanakop sa Pilipinas ay may paniniwala sa mabuti at masamang epekto ng musika sa tao. Sa mas makabagong panahon, maaaring ito ay gamit upang bithayin ang saloobin ng tao sa *Music Therapy*. Ito ay ekspresyon naman ng pagbubunyi sa pamamagitan ng mga martsa at makabayang awitin ng mga bansang nakamtan ang kanilang kalayaan mula sa mga mananakop o maaaring ito’y ekspresyon lamang ng pagnanasa para sa kalayaan. Sa maikling sabi, ang musika ay nagsisilbing gamit sa sariling ekspresyon, kolektibo man o indibidwal.

Di nalalayo sa pakay ng saliksik na ito, tatangkain kong tingnan ang musika sa panahon ng Batas Militar sa Pilipinas bilang gamit o tagadala ng diskurso ng panahon. Kabilang sa mga pagpapakahulugan sa musika ang mga sumusunod: pagbubuo ng konsepto at kamalayan ukol sa Bagong Lipunan sa mga teksto ng awit; pagpapakilala ng mga konsepto at kamalayang ito sa pamamagitan ng mga awit na inendorso ng pamahalaan ng mga Marcos; ang pagtitimbang kung ang konsepto at kamalayan sa awit at ang aktuwal na pangyayari ay magtatagpo sa pagsusuri ng Bagong Lipunan sa panahon ng Batas Militar, at; pagtingin sa musika bilang tagadala ng kontra-diskurso laban sa naghaharing estruktura ng lipunan.

Bilang panimulang pag-aaral sa aspektong pangmusika ng panahon ay lilimitahan ko ang pagsusuri sa musikang inendorso sa ilalim ng Bagong Lipunan at ilang mga awit na sumahimpapawid bilang protesta sa pagtatapos ng panahong ito. Ang musikang “underground” ay di muna pupunahin sa saliksik na ito. Ang huli ay maaaring suriin sa ibang diskusyon bilang patuloy na pagpapayaman sa mga pag-aaral sa mga “di opisyal” na musika ng panahon.

MGA ESTRUKTURA: GOBYERNO, LIPUNAN AT KAMALAYAN

Ayon kay Lico:

“Culture is like a permeable membrane by which the state can penetrate the consciousness of its citizens. Cultural and historical revisions, consecrated by the state, were Marcos’ first step in initiating social renewal.”¹

Ilan sa mga pangunahing paksa sa tuwing pinag-uusapan ang panahon ng Batas Militar ng mga Marcos ay ang pagsupil ng karapatan at malawakang kabulukan sa gobyerno sa kabila ng pagtatangka nitong bumuo ng isang “Bagong Lipunan.” Sa panahong ito ay bawal ang mga di opisyal na diskurso. Ang bawat sambit ay kailangang naaayon sa diskurso ng nakapangyayari. Nagkaroon ng paglilinis (sensura) ng mga palabas, brodkast, at limbag na midya. Ang maaari lamang ipalabas, iparinig, ipabasa, at pag-usapan sa mga daluyan ng midya tulad ng radyo, telebisyon, at diyaryo ay iyon lamang may basbas ng gobyerno. Ayon kay Del Mundo:

Upon the declaration of Martial Law, the military was commanded to cleanse the media of any signal of subversion. The objective of the regime was to harness all media of communication for the good of the New Society...²

Ang gobyerno, sa panahong ito, ay nagsimulang pamahalaan ang malaking bahagi ng panlipunang buhay ng Filipino. Ang kasabihan nga sa rehimeng ito ay, “Sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kailangan.” Ang disiplinang ito ay naipipilit sa mamamayan sa pamamagitan ng paggamit ng buong kapangyarihan ng gobyerno. Tinangkang bumuo ng “Isang Diwa” o kamalayan para sa nagkakaisang bansa. Ayon nga sa isa pang karaniwang sambit ng panahon ay “Isang Bansa, Isang Diwa.” Ang isang diwang ito ay nag-uugat sa kultural na kamalayang ipinakilala sa pamamagitan ng mga proyekto ng Unang Ginang na si Imelda Marcos. Kaakibat nito ang kalagayang politikal na kinasadlakan ng bansa sa ilalim ng “Bagong Lipunan.” Ayon kay Foucault:

“power produces; it produces reality; it produces domains of objects and rituals of truth. The individual and the knowledge that may be gained of him belong to this production.”³

Ginamit ng rehimen ang buong lakas nito upang bumuo ng isang lipunang likha ayon sa programang Bagong Lipunan. Sa loob ng lipunang ito ay nakalatag na ang balangkas “kulturang” dapat nitong angkinin at isapraktika.

Ang mga di sumasang-ayon ay dinidisciplina. Sa pamamagitan ng estratehikong pagpupuwesto sa mga pinuno ng mahahalagang kagawaran ng puwersa ng panlipunang kapulisan, naging mga mata at kamay ni Marcos ang mga Sandatahang Lakas ng Pilipinas (Armed Forces of the Philippines o AFP) upang “magtuwid” sa mga dapat disiplinahin. Ito ang kaniyang mga instrumento sa pagtutugma sa diskurso ng mamamayan at ng gobyerno upang mabuo ang isang katotohanan o lipunang binubuo ayon sa dikta at direksiyon ng Bagong Lipunan.

PUNDASYONG PANGKULTURA NG BAGONG LIPUNAN

Nagbabago-bago ang kaisipan at kamalayan ng tao ayon sa kinalalagyan niyang sitwasyon. Ang sitwasyong ito ay maaaring ang kaniyang kinalalagyan sa pamilya. Ang buhay ng tao ay maaari ring magbago ayon sa mga pagbabago sa lipunang kaniyang ginagalawan. Ang pagpapalit ng pangulo, ang pagkakaroon ng mga bagong batas, ang pagtaas ng mga bilihin, ang pagkawala ng mga minamahal sa buhay. Sa mga bagay ding ito niya hinuhugot ang pagkakakilanlan sa sarili. Sabi nga, “an individual’s understanding of his own identity changes, depending on the circumstances.”⁷⁴ Sa panahon ng Bagong Lipunan, ang mga kinakailangang sangkap ng pagbabago ay itinayo, binuo, at ipinadama sa Filipino. Nakita ng Filipino ang sarili sa gitna ng Batas Militar kung saan siya ay dapat umayon upang hindi mapahamak. Nakita rin niya na para makamit ang tunay na pagbabago, siya mismo ay dapat mabuhay ayon sa patakaran sa ilalim ng bagong direksiyon ng lipunan.

Sa panahong ito ay nilikha ang mga pangkulturang institusyon, organisasyon, programa, at iba pang may kinalaman sa paglalagat ng pundasyon ng “Bagong Lipunan.” Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod: Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas (KBP), na binuo noong April 27, 1973; National Music Competitions for Young Artists (NAMCYA), na itinatag sa pamamagitan ng Presidential Proclamation 1173 noong Agosto 7, 1973; Philippine Youth Orchestra (PYO) na binuo noong 1974 sa pakikipagtulungan

ng University of the Philippines at ng Cultural Center of the Philippines; CCP Philharmonic Orchestra at Philippine Dance Company; Philippine Society for Music Education, PSME na itinatag noong Nobyembre 23, 1971 at pinamunuan ni Imelda Marcos bilang tagapangulong pandangal; Popular Music Foundation of the Philippines na binuo noong March 8, 1977, at simula 1982, ay pinamunuan ni Imee Marcos. Nariyan din ang “Bahay Filipino Awards” na itinaguyod upang palawigin ang paggamit ng murang materyales at disenyong Filipino sa paggawa ng bahay. Itinatag ni Imelda ang Bahay Filipino Awards nang siya ay namumuno pa bilang Ministro ng Human Settlements. Mayroon ding Presidential Decree 59 na idineklara ni Marcos upang protektahan ang intelektuwal at artistikong pagmamay-ari. Malawakang pagbabagong kultural ang panawagan upang mabuo ang Bagong Lipunan. Ayon kay Marcos:

Political development implies cultural transformation. The humanism of the New Society must reach into the lives of those deprived by poverty of their dignity and name. The services that the crisis government extend seek to ennoble the Filipino by acknowledging his humanity and his right to every opportunity that shall enrich his heart.⁵

Sa telebisyon, pinalaganap sa panahong ito ang mga palabas na may temang pangkultura. Panahon ito ng *Aawitan Kita*, *Kalusko's Musmos*, *Kapwa Ko*, *Mahal ko*, *Superstar*, *Makulay na Daigdig ni Nora*, *Concert at the Park*, *Paco Park Presents*, at marami pang iba.

Sa kabila ng mga institusyong pangkulturang binuo upang hubugin ang mga Filipino upang magkaroon ng kamalayang magrerepresenta sa Bagong Lipunan, nanatiling malakas ang mga dayuhang programa sa telebisyon. Ilan sa mga ito ay: *Kojak*, *Charlie's Angels*, *Starsky and Hutch*, *Voltes V*, at *Mazinger-Z*.⁶ May mabigat na pagkiling sa mga palabas na Amerikano ang mga estasyon ng telebisyon. Kahit ang mga musikang pinatutugtog sa radyo ay karaniwang banyaga rin. Maipapakahulugan tuloy na ang lubos na pagkiling ng rehimen sa kulturang Amerikano ay nagsasabing dayuhang kultura pa rin ang simbolo at mithiin o pamantayan at modelo ng Bagong Lipunan.

Di nawawala ang mga subersibong usapan ukol sa malawakang katiwalian sa gobyerno sa kabila ng mahigpit na pagbabantay sa midya (radyo, telebisyon, at diyaryo), mga paaralan, at opisina. Di na rin maitatago ang malawakang paglabag sa

karapatang pantao sa panahong nabanggit. Makikita ito sa mga tala nina Jose F. Lacaba sa *Days of Disquiet, Nights of Rage: The First Quarter Storm & Related Events* na kinapapalooban ng mga piling pagsasalaysay at pag-uulat ukol sa naganap na mga demonstrasyon ng mga kabataang mag-aaral mula sa UP, Ateneo, Lyceum of the Philippines, at iba pang paaralan sa Maynila na may mulat na grupo ng mga mag-aaral; ang pagsasalaysay ukol sa 11 Atenista na nagbuwis ng buhay para sa bansa sa *Living and Dying: In Memory of 11 Ateneo de Manila Martial Law Activists*; ang obra ni Lualhati Bautista na *Dekada '70* (na bagama't likhang isip ay batay sa katotohanan sa panahong tinutukoy nito) na nagsasalaysay sa karanasan niya bilang tagamasid at bilang ina at asawa na nakikiisa sa kapalaran ng mga anak at asawa ng libo-libong pamilya. Marami pang ibang obra ang maaring banggitin tulad ng *America's Boy: The Marcoses and the Philippines*, *The Rise and Fall of Imelda Marcos*, *The Untold Story of Imelda Marcos*, at iba pa. Ang huli ay muntik nang maging mitsa ng buhay ng may-akda nito na si Carmen Navarro Pedrosa. Ang aklat na *The Untold Story of Imelda Marcos* ay nabibilang sa mga di opisyal na diskurso ng gobyerno sa panahong iyon. Inilimbag ito noong 1969. Sa aspektong materyal at emosyonal, tinatalakay dito ang tunay na buhay ni Imelda mula pagkabata hanggang bago niya mapangasawa si Ferdinand. Ang aklat na ito ang nagpuno ng ilan sa mga patlang sa istorya ng buhay ng Unang Ginang. Ang opisyal na talambuhay ni Imelda, ayon kay Paterson, ay isang “public creation...face-lifted until it was worthy of her.”⁷ Ito ay isa lamang halimbawa ng paglalaban ng mga opisyal at di opisyal na katotohanan sa panahon ng mga Marcos.

Sa gitna ng lahat ng mga pangyayari sa lipunang Filipino ay may mga binubuong mekanismo ang gobyerno upang magkaroon ng tila panatag na mukha ang bansa. Ito ay ang mga bagay na nagbibigay ng impresyon na normal pa rin ang takbo ng lipunan. Ito ang maskara na nagtatakip sa mga karahasang naganap sa gitna ng dekada 1970. Sa mga kataga ni Imelda Marcos, ito ang “the true, the good, and the beautiful.” Tatlong katangian na nagbigay hugis sa patakaran ng mga Marcos para sa bansa sa panahon ng kanilang termino bilang mag-asawang diktador. Kaakibat ng mga ito ang kaisipang bumuo ng pagkakakilanlan na masasabing Filipino. May pagtatangka, katulad ng nabanggit na, sa paggamit ng mga lokal na materyal sa pagbuo ng mga gusali. Ginamit din ang lokal na pilosopiya sa pagbuo ng konsepto at hugis ng mga pampublikong espasyo. Sinubukan ding buuin ang Filipino sa kaniyang

performatibong tradisyon sa sayaw, habi, tula, epiko, at iba pa. Ayon nga kay Imelda,

“The revival of our cultural traditions in architecture, literature, handicrafts and the performing arts will certainly strengthen our sense of national identity.”⁸

Sa isang banda ay nakamit ang panlabas na pagbabago sa anyo ng kulturang Filipino; sa kabilang banda, panlabas lamang ang impresyong may pag-unlad bagaman wala talagang tunay na pagbabago.

Ang Coconut Palace ay isang espasyong pampubliko na gawa mula sa puno at bunga ng niyog. Isa lamang itong halimbawa ng pagsasa-Filipino ng mga gusali at estruktura.

Sa larangan ng pagtatanghal, nagkaroon ng mga iskolar ang Unang Ginang sa katauhan nina Rowena Arieta, Raul Sunico, at Cecile Licad sa ilalim ng Young Artist Foundation of the Philippines. Sila ay ilan lamang sa mga artistang natulungan sa pamamagitan ng programang pangkultura ng Bagong Lipunan.

TRUTH, GOODNESS AND BEAUTY

Ang karaniwang proyekto ni Imelda sa panahong ito ay may layong itaas ang edukasyong pangkultura ng mga Filipino upang marating nila ang antas na tanggap sa kanluraning pamantayan. At ang edukasyon ding ito ay inaasahang maghahatid sa sambayanang Filipino sa isang maunlad na buhay.

Ayon kay Imelda:

[m]y belief that Truth, Goodness and Beauty are a spell under which man is inspired to excel is self-evident in the human developments that have elevated mankind. The uncompromising dedication to *Truth* led science to discover physical wonders. *Goodness* provided religion force and compelling influence upon man's life. And *Beauty* motivated the artist to create his immortal work of art. In man, therefore, these virtues coalesce in his science, religion and art to nourish his body, mind and spirit.⁹

Ang dalawang naunang paksa ay labas sa angking kakayahan ng Unang Ginang kung kaya't sa ikatlo siya tunay na nanguna ang Kagandahan. Ayon nga sa kaniya, “it's easy to be beautiful.”¹⁰

Bagama't may inisyatiba rin na makaagham, tulad ng Masagana '99 at iba pang proyektong may kinalaman sa pananim o *green revolution*, ang proyektong pangkagandahan ang tunay at lubos nitong tinutukan. Si Imelda ay gumanap bilang lider ng iba't ibang ahensiya ng pamahalaan at kontrolado niya ang halos 15% ng pambansang pondo.¹¹ Siya ang ikalawang pinakamakapangyarihang lider ng bansa sa panahong ito. Naging Punong Ministro siya ng Human Settlements, pinuno ng Cabinet Committee, Pangkalahatang Kalihim ng Kilusang Kabuhayan at Kaunlaran o KKK, at nahalal sa Interim National Assembly. Naging Gobernador din siya ng Metro Manila, at pinangasiwaan niya ang mga malakihang proyektong pang-infrastruktura tulad ng murang pabahay sa pamamagitan ng Bagong Lipunan Improvement of Sites and Services o BLISS. Pinangunahan din niya ang pagtatayo ng malalaking gusali na naging tahanan ng kulturang Filipino. Kabilang dito ang Cultural Center of the Philippines; ang Folk Arts Theater na pinagdausan ng 1974 Miss Universe; ang Philippine International Convention Center (PICC) na itinatag noong 1974 sa bisa ng P.D. No. 520 at pinagdausan ng isa sa mga miting ng pamunuan ng International Monetary Fund at World Bank noong 1976. Minadali ang pagbuo noong 1982 sa pinagdausan ng unang Film Festival na sumubok magpataob sa Cannes International Film Festival—ang Manila International Film Festival—na idinaos sa ngayo'y kinatatakutang Manila Film Center. Katutubong materyales naman ang ginamit sa pagtatayo ng Coconut Palace¹² na ginawa upang tirhan ni Pope John Paul sa kaniyang pagbisita sa bansa (na may kondisyong ipawalang-bisa ang Batas Militar kung gusto ng mag-asawang Marcos na bumisita ang Papa sa bansa), bagaman tumangging manuluyan dito ang Papa. Noong 1976, sa bisa ng P.D. 1287, itinayo rin sa bundok naman ng Makiling ang National Arts Center at Makiling High School for the Arts, na naging sentro ng pagsasanay sa mga kabataang may angking talino sa musika, iba pang arte at literatura. Ayon kay Crisostomo, ito ay isang “new society for the artists, the groundbreakers of civilization to whom human kind owes much of splendor and grace of the world.”¹³

Ang lahat ng ito'y milyon-milyong piso, kung hindi man bilyon, ang ginastos mula sa kaban ng bayan na noon ay naghihinalo na dahil sa mga utang panlabas. Sa ngayon ay simbolo na lamang ang mga ito ng isang makulay na nakaraan sa politikal na kasaysayan ng bansa. Naging simbolo ang mga ito ng kagandahan, katotohanan, at kabutihan, sa kabila ng kahirapan at tunay na kagilagilalas at

nakapanlulumong larawan ng kahirapan sa buhay ng karamihan di lamang sa Metro Manila kundi sa buong bansa. Ang kagandahan nga ay maaaring pabalat lamang sa madungis at tunay na mukha ng lipunan.

THE BEAUTIFUL

Sa puntong ito ay magari na lamang nating ituon ang pansin sa aspektong pangmusika ng panahon na sakop ng proyektong pangkagandahan ni Imelda. Ayon sa aklat na *Mga Awit sa Bagong Lipunan*, si Imelda ay ang “Patroness of the Arts” ng Pilipinas habang may larawan itong nakatayo sa harapan ng isang batang tumutugtog ng biyolin. Tila ipinapakita ng larawang ito na si Imelda ay gabay at tagaakay ng mga kabataang Filipino na salat sa edukasyong pangkultura.

Di matatawaran ang ambag ng mga kompositor tungo sa pagpapalawig ng opisyal na diskurso ng gobyerno. Sila ang naatasang lumikha ng mga awit na isinasaere sa radyo at telebisyon at ipinakakanta sa mga paaralan upang maipasok sa kamalayan ng Filipino, bata man o matanda, ang halaga, papel at layon ng Bagong Lipunan. Samakatawid, ang mga kompositor ang tagapamagitan ng pamahalaan upang abutin ang kaibuturan ng kamalayan ng mamamayang Filipino.

Ang musika ay may mahalagang papel na ginampanan upang buuin ang diskurso ng Bagong Lipunan sa panahon ng Batas Militar. Ang Bagong Lipunan ayon kay Imelda ay simbolo ng pambansang pagkakaisa ng mga mamamayang Filipino. Ayon pa sa kaniya, “[a]ll of us who worked hard against much odds during the past several years to build a New Society in the Philippines may well be proud of the vibrant sense of national solidarity we now have.”¹⁴ Sa loob ng Lipunang ito ay binubuo ang mga simbolismo at diskursong naaayon sa lipunang “nililikha.” Ang mga awit na isinahimpapawid sa panahong ito ay may basbas bilang opisyal na diskurso ng Bagong Lipunan. Sa radyo, kung sa nakalipas na panahon bago buuin ang Bagong Lipunan, ay maaaring isulat ang mga iskrip ilang oras bago simulan ang programa, sa panahon ng Bagong Lipunan naman, kailangan nang aprobahan ng Broadcast Media Council ang lahat ng ipinaririnig sa radyo at ipinapalabas sa telebisyon bago pa man ito isahimpapawid.¹⁵ Sabi nga:

[t]he government and its military arm exerted control over the media by both coercive and persuasive methods: prior censorship, threats of legal sanctions, bribery, detention, physical intimidation, and the ultimate method of death when nothing else worked.¹⁶

May mga opisyal at di opisyal na diskurso. Ang opisyal na diskurso ay dumaraan sa mahigpit na pagmamanman ng instrumentong pangnormalisa ng gobyerno. Nariyan ang Public Order Act, National Security Act, at Preventive Detention Action noong pagpasok ng dekada 1980. Ayon kay del Mundo:

[t]he Public Order Act ensured penalties for rebellion, sedition and other crimes and the President was empowered to deal with media of communication that were deemed subversive. There was the National Security Act that included provisions to deal with people who undermined the objectives of the New Society. There was the Arrest, Search and Seizure Order, later known as the Presidential Commitment Order, and still be revised as Preventive Detention Action, a combination of two decrees that were drafted before the lifting of Martial Law but was only released two years later.¹⁷

Ang Bagong Lipunan ay itinuturing ng gobyerno na bagong pagsilang ng sambayanang Filipino. Dito ay binubuo ang isang lipunang magsisimula pa lamang sa huwaran nitong porma. Ito ay may kultural na batayan at imbakan - Cultural Center of the Philippines, Folk Arts Theater, Manila Film Center, Coconut Palace at iba pang infrastruktura na kumakatawan sa layunin ng lipunang binubuo. Ang mga awit na inendoso ng gobyerno sa panahong ito ay nagpapahiwatig ng pananaw ukol sa binubuo nitong lipunan. Isang halimbawa ay ang sumusunod:

BAGONG PAGSILANG

Ang gabi'y nagmaliw nang ganap
At lumipas na ang magdamag.

Madaling araw ay nagdiriwang
May umagang namasdan.

Ngumiti na ang pag-asa
Sa umagang anong ganda.

May bagong silang
May bago nang buhay
Bagong bansa, bagong galaw
Sa Bagong Lipunan.

Nagbabago ang lahat tungo sa pag-unlad
At ating itanghal Bagong Lipunan.¹⁸

Ang tekstong ito ay isinulat ni Levi Celerio at ang musika ay likha ni Felipe de Leon. Ang obra ay kinomisyon ni Imelda Marcos para sa proyektong Bagong Lipunan. Mahalaga ang basbas ng pinuno bago maging opisyal na diskurso ang isang pahiwatig. Parang asukal na pambalot sa mapait na gamot ang musikang inilapat dito.

Maaaring ito ang opisyal na teksto, ngunit may kakatwang bersiyong lumaganap din noon. Ang linyang “madaling araw ay nagdiriwang/ may umagang namasdan,” ay napalitan ng “madaling araw may nagnanakaw ng manok sa kulungan, nagising si Mang Teban.” Bagama’t pambatang sambit, maaaring hindi nagmula sa mga bata ang pagpapalit ng linya. Ang pinalitang teksto ay maaaring pagpuna sa umaalingasaw na pagnanakaw, di sa kulungan ng manok, kundi sa kaban ng bayan.

Hindi lamang sa matatanda nakatuon ang preskripsiyong ito ng diskurso ng Bagong Lipunan; maging sa mga batang mag-aaral sa elementarya ay maagang hinuhubog rito. Sinimulan sa mga murang isipan ang diskursong maka-Bagong Lipunan upang maging parte ng “normal” na mundong ginagalawan at kamalayan ng mga bata. Naaalala ko pa na kinakanta namin ang awit na binabanggit sa itaas (opisyal) bago magsimula ang klase sa bawat araw na may pasok sa mga paaralan. Kinakanta rin namin ito tuwing bitbit kami ng aming mga guro sa Luneta sakay ng bus kapag may politikal na pagpupulong ang administrasyon ng Marcos sa nasabing lugar. May libreng *t-shirt* at meryenda ang mga bata; minsan, sa pagkaalala ko, ay may pera ding ibinibigay sa amin. Ipinakikita nito na maaga ring sinasanay ang mga bata sa negosasyon ng pagsuporta sa mga Marcos sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaukulang pabuya.

Ang awit ay simbolikong ginamit upang sabihing napapawi na ang dilim na bumabalot sa lipunan. Sabi nga “ang gabi’y nagmaliw nang ganap.” Itinuturing sa awit na ito na ang lumipas ay isang mahabang gabi at sa pagbuo ng Bagong Lipunan ay mabubuo na rin ang bagong pag-asa at bagong buhay sa liwanag ng Bagong

Lipunan. Ayon pa rito, “magbabago ang lahat tungo sa pag-unlad, at ating itanghal Bagong Lipunan.” Sa ilalim ng Bagong Lipunan, ang mga pagbabago tungo sa pag-unlad ay may kinalaman sa mga pagtatangkang patahimikin ang lipunan—tao (estudyante, mga manggagawa), di opisyal na midya (ilang radyo, telebisyon, diyaryo, at iba pa.). Dalawa lamang ang bersiyon ng katotohanan, ang opisyal at di opisyal. Ang opisyal na bersiyon ang ikinakalat ng gobyerno sa pamamagitan ng mga sinamsam na estasyon, halimbawa ng telebisyon, gaya ng Cchannel 2, 4, 9, at 13. Ang mga di opisyal na katotohanan (na mas totoo kaysa opisyal na katotohanan) ay nagkaroon ng boses sa himpapawid partikular noong dekada 1980 kung kailan unti-unti nang kumakawala sa mga kamay ni Marcos ang kaniyang kapangyarihan. Ang *Radyo Veritas* ay isang halimbawa ng daluyan na tumutok sa di opisyal na katotohanan. Ayon kay Foucault,

“truth isn’t outside of power, or lacking in power...truth is a thing of this world: it is produced only by virtue of multiple forms of constraints. And it induces regular effects of power.”¹⁹

Gamit ang puwersa ng militar, kapulisan, at batas, pinilit ni Marcos na ipasok sa kamalayan ng Filipino ang opisyal na katotohanan na isinusulong ng kaniyang gobyerno.

Simbolo rin ng pagbabagong pangkultura ang mga infrastrukturang binuo sa panahon ng Batas Militar. Bago sa panahong iyon, binawi ang 77 ektarya ng lupa mula sa dagat na pinagtayuan ng mga pangunahing proyektong pangkultura ni Imelda. Nagawa ito sa bisa ng Presidential Decree No. 20 na pinirmahan ni Presidente Marcos noong ika-12 ng Marso 1966. Ayon sa batas na ito, gagamitin ang lupa,

to construct, establish and maintain in a single site a national theater, a national music hall, an art gallery and such other buildings and facilities as are necessary or desirable for the holding of conferences, seminars, concerts and the like. (P.D. No. 15, sec. 2a)²⁰

Kahit ang kalikasan ay pilit na hinuhubog muli ayon sa layon at proyekto ng makapangyarihan.

Ayon kay Imelda,

Ang Bagong Lipunan, 1972-1986: Panimulang Pag-aaral sa Musika at Lipunan

“[w]ith the inception of the New Society, the fervor and intensity of the hope of our people are reflected through the magic strains of native airs, composed and interpreted by our own artists.”²¹

Ipinapalagay niya na ang mga musikang opisyal na nagsusulong ng proyektong Bagong Lipunan ay siya ring diskurso ng mga mamamayan. Maaaring totoo ito sa mga unang taon ng proyekto dahil sa katahimikan ng midya, at kung may balita mang naririnig ay nagmumula ito sa mga kontroladong ahensiya ng gobyerno, at kung gayon, hitik ito sa mabuting pahayag. At pilit na pinagtatakpan sa kamalayan ng karamihan ang mga pang-aabuso na ginagawa ng militar at kapulisan. Ngunit isa ring pangarap para kay Imelda na makapag-ambag ang mga awit sa mithiing pagkakaisa at pagbabago sa pagbuo ng lipunan. Ayon sa kaniya:

[i]t is our ardent hope that this collective work of our artists spanning generations which are compiled in this book will further inspire our people to greater heights of achieving the aims of national reformation to which we are all committed.²²

Dagdag pa ni Juan Manuel, pinuno ng Kagawaran ng Edukasyon at Kultura:

Under the New Society, music has been given the impetus of enhancing our pride as Filipinos...the songs that reflect our innermost feelings for love of country and our cherished institutions, have been compiled in this book, with the main purpose of contributing to the realization of the aims and objectives of the New Order.²³

Kung gayon, sa “New Order” na binabanggit, ang musika ay bahagi ng masalimuot na paggamit ng kamalayan bilang bahagi ng pagkatao ng Filipino na dapat pasukin at hubigin. Ang kamalayang ito ang repositoryo ng bokabularyo ng buhay ng tao. Dito nagaganap ang mas mahahalagang paghulma sa katauhan. Dito rin nakaugat ang kaniyang kolektibong alaala ukol sa kaniyang kasaysayan na bumubuo sa mas malaking lipunan na kaniyang ginagalawan. Kung ang repositoryong ito nga ang mamanipulahin gamit ang musika na ayon kay Manuel ay “[music] a mystifying force that animates the inner feelings of man. It moves us, filling our beings with rapture of ecstasy and exultation.”²⁴

Mas madali nga namang maabot ang kaibuturan ng tao kung ang “mystifying force” ng musika ang gagamitin sa proyektong ito.

Sa sosyolohiya ng musika, makikita na ang musika ay parehong repleksiyon at imahen ng mga nagaganap sa lipunan. Maraming lipunan na at gobyerno ang gumamit sa musika bilang opisyal na tagadala ng politika sa iba’t ibang panahon at lugar sa daigdig. Kahit ang proyektong pananakop ng mga makapang-yarihang bansa ay akay ang musika upang maghatid ng mensahe ayon sa opisyal na diskurso ng naghaharing-uri. Sakop din nito ang personal na aspekto ng buhay. Nariyan ang mga awit ng pag-ibig. Kahit ang personal na kasuwertehan o kamalasan ay maaari ring ihatid bilang mensahe nito.

Sa panahon ng Bagong Lipunan, ang musika ay naging batayan ng pagkilos at pag-iisip ng lipunan. Ito ay timbangan ng pagsunod at pagkiling sa diskurso ng gobyerno. Ito kung gayon ay epekto ng kapangyarihan na matamang nagdidikta ng direksiyong dapat tahakin ng lipunan. Ito ay ang salamin na hinaharap natin sa bawat araw upang tingnan ang ating sarili. Sabi nga, “our understanding of ourselves are always filtered through ideas, discourses and institutions that constitute society.”²⁵ Kaakibat ng “national reformation” na punto at siyang direksiyon ng Bagong Lipunan, ang musika, mga idea, mga diskurso, at mga institusyon ay binuo ng gobyerno upang maging gabay ng lipunan sa pagbabago nito. Maaaring sabihing ito ay isang kolektibong kamalayan. Ngunit ang kamalayang ito ay binubuo at nagmumula sa nagdidiktang kapangyarihan ng gobyerno.

Isa sa mga opisyal na diskurso ng dekada ay ang “Masagana 99.” Ito ay isang proyekto ng Unang Ginang tungo sa paggamit ng makabagong pamamaraan sa pagsasaka. May opisyal na awit ang proyektong ito, narito ang mga titik nito:

MASAGANA 99

Kung wasto ang pag-aalaga sa bukid na sinasaka
Ang ani’y sasagana, pamumuhay sasagana.
Paunlarin natin ang palayan sa makabagong paraan
“Masagana Ninety-nine kabankaban na karagdagan.

Makakamtan sa sakahan pati na rin ang ating bayan
Tutungo sa kaunlaran.²⁶

“Paunlarin ang palayan/kabankanban na karagdagan/bayan tutungo sa pag-unlad”— masarap pakinggan ang mga palatandaan na ito ng pag-unlad. Kaunlaran ang hangad ng bawat isa para sa buhay niya. Ngunit ang “wastong” pag-aalaga ay ang tuon ng awit na Masagana 99. Ano ba ang wastong paraan ang pagsasaka? Dahil ang programang Masagana 99 ay maaabot sa pag-asa sa mga kemikal at iba pang fertilizer o pataba sa pananim, banggit ni Boyce,

“some have argued that the green revolution sprang from the desire of suppliers of chemical inputs to expand their market.”²⁷

Dagdag pa niya,

“[t]he key inputs of the new technology – seeds, fertilizer, and water control – are highly complementary. In the absence of one, the productivity of the others is greatly reduced.”²⁸

Dito papasok ang tanong kung sino ang namamahala sa butil, pataba, at patubig. Ang huli ay madaling masagot. Ang tubig ay madali lamang makamit sa mga taniman sa bansa. Ang butil ay nagmumula sa International Rice Research Institute (IRRI) na nakabase sa Los Baños, Laguna na itinayo at pinondohan ng Rockefeller at Ford Foundation.²⁹ Ang pataba ay nagmumula sa mga multinasyonal na negosyo, sa madaling sabi, mga dayuhan. Kagaya ng kulturang binubuo sa Bagong Lipunan, ang mga teknolohiya, kagamitan, at proseso sa pag-papaunlad nito ay batay sa modelong dayuhan.

Natatandaan ko na ang awit ng “Masagana 99” ay pinatutugtog sa madaling-araw. Sa pagsisimula pa lamang ng araw, ang awit na ito na ang babati sa mga tagapakinig sa mga estasyong AM ng radyo. Kasama ang mga awit na ito sa almusal hanggang sa hapunan. Kaakibat ng awit na “Bagong Pagsilang,” ang “Masagana 99” ay malinaw na paalaala tungo sa binubuong kamalayan sa ilalim ng Bagong Lipunan. Mapupuna rin na kahit ang estasyon ay AM radyo. Sa AM radyo ay maraming mga estasyong pawang nakasentro sa paghahatid ng mga programa sa Tagalog o bernakular na pinakikinggan ng nakararaming Filipino, lalo na sa kanayunan.

May iba pang awit na may kinalaman sa pagtatanim – ang “Awit ng Magsasaka.” Narito ang titik:

**AWIT NG MAGSASAKA
(Land Reform March)**

Narito kaming magsasaka
Ngayo'y nagsisipagbunyi,
Pagkat kami'y pinalad
Na sa adhika at lunggati.

Kaming lahat noon ay kasama
Sa paggawa'y lubhang api,
Nagbubungkal ng pagsinta
Ano't gutom pa rin kami.

Nagbubungkal ng pagsinta
Ano't gutom pa rin kami,
Tanikalang kaalipinan
Nilagot nitong batas.

Ang kasikeng patakaran
Ay naglaho na ring ganap,
Aming lupang binungkal
Sarili na't amin,

Salamat po, Poong mahal
Kami'y hindi na alipin.³⁰

Ipinapahayag sa awit na ito ang kalagayan ng mga magsasaka bago pa dumating ang Land Reform Act kung kailan ang buhay nila ay nakatali sa lupa na kanilang sinasaka, hindi para sa kanilang sarili, kundi para sa mga may-ari nito. Sa pagdating ng Land Reform Act, ang gutom, pagod, at hirap na kanilang dinaranas ay pawang napawi na ng bagong pag-asa na dala ng bagong batas na nakatuon sa kanilang kalagayan at sa paglilipat sa kanilang pangalan ng mga sinasakang lupain. Ang Land Reform ay pinagtibay sa ilalim ng Presidential Decree No. 27. Sa pamamagitan ng batas na ito, unti-unting isinalin sa mga magsasaka ng palay at mais ang mga lupang kanilang sinasaka.³¹ Sa unang tingin ay makikitang maganda ang programa, ngunit sa loob lamang ng ilang buwan, matapos ideklara ang P.D. No. 27, ibinalita ng Department of Agrarian Reform ang ganito:

Many landowners were ejecting their tenants. Some tenants were forced to declare themselves to be farm laborers, while others were driven off the land through physical acts of dispossession like bulldozing of farms, demolition and/or burning of houses, manhandling, intimidation, etc.³²

Ibinandila sa panahon ng mga Marcos ang “tagumpay” ng programang ito sa kabila ng kabaligtaran ng mga pangyayari. Ang linyang,

“Ang kasikeng patakaran/
Ay naglaho na ring ganap/
Aming lupang binungkal/
Sarili na’t amin”

ay sa awit lamang nagkakaroon ng katotohanan, ngunit sa realidad ng buhay ng maraming magsasaka, ito ay walang batayan.

May awit din para sa iba pang paraan ng pagtanim bukod sa pagsasaka, sa “theme song” ng green revolution, ganito ang mababasa:

TAYO’Y MAGTANIM

Lahat ng makakain ay ating itanim,
Magtanim, magtanim, tayo’y magtanim.
Gawing kulay luntian bansang minamahal,
Tayo nang magtanim upang mabuhay.

Magtanim, magtanim,
Tayo nang magtanim upang mabuhay.
Magtanim, magtanim,
Tayo nang magtanim upang mabuhay.³³

Malinaw ang mensahe: dapat pagyamanin ang pang-agrikulturang aspekto ng lipunan. Mula sa mensaheng doble ang ani sa mga awit na “Masagana 99” at “Green Revolution” tungo sa pagkakaroon ng sariling lupa sa pamamagitan ng Land Reform Act.

NAMCYA AT IBA PA

Kaakibat ng iba’t ibang gusaling itinayo upang matupad ang mga programang pangkultura ng Unang Ginang, may mga binuong mga ahensiya na siya namang nagbigay buhay dito. Ang NAMCYA o National Music Competitions for Young Artists ay isa sa mga iyon. Sa pamamagitan ng ahensiyang ito ay naengganyo ang paglikha ng mga lokal na kompositor ng mga musikang pang-instrumento at pamboses upang maging batayan ng kagalingan ng mga kabataang lumalahok sa patimpalak na ito. Ngunit sa gitna nito ay hindi pa rin

maiaalis na ang mas malaking parte ng mga musikang pinaglalabanan kahit sa kasalukuyang panahon ay nagmumula sa kanluran. Pawang ang piyesa ng paligsahan at rehiyonal na mga awit lamang ang Filipino sa programa.

Sa pamamagitan ng NAMCYA ay nakapaglimbag ang gobyerno ng mga aklat na naglalaman ng mga orihinal na musikang Filipino. Ilan sa mga koleksiyong ito ay nilikha para sa Bagong Lipunan ng mga Marcos. Narito ang listahan ng ilan sa mga titulo ng mga aklat:

Isang Bansa, Isang Dina (1983)
A Collection of Filipino Songs for Elementary Schools.
Manila: CCP

National Music Competitions for Young Artists (1982)
Children's Choir Compilation Series I

National Music Competitions for Young Artists (1983)
Children's Choir Compilation Series II

National Music Competitions for Young Artists (1983)
Commisioned Works for Children's Choir, 1979-1982

National Music Competitions for Young Artists (1979)
Commisioned Works for Children's Choir, 1973-1978

National Music Competitions for Young Artists (1979)
Commisioned Works for Youth Choir, 1975-1978

Ang mga aklat naman na mula kina de Leon, Parungao, at Pajaro ay ang sumusunod:

Eliseo Pajaro
Himig Pilipino ng Bagong Lipunan (1974)
(Philippine Airs of the New Society)
Original Choruses for Elementary and Secondary Schools, Vol. II

Eduardo Parungao
Iba't ibang Kulay ng Buhay
20 Original Compositions for Children's Choir
NP: 1984.

Felipe de Leon, ed.
Mga Awit sa Bagong Lipunan (1974)
Manila: ERA4.

May isa pang martsa na nilikha rin ni Pajaro para sa

pagbubunsod ng 1971 Kumbensiyong Konstitusyonal na may pamagat na “The Dawn of a New Day” o “Liwayway ng Bagong Pag-asa.” Ang awit na ito ay kinomisyon ng Inaugural Committee ng Kumbensiyong Konstitusyonal. Ang mga titik ay isinulat ni Horacio de la Costa, S.J. Narito ang mga titik:

**THE DAWN OF A NEW DAY
(Liwayway ng Bagong Pag-asa)**

Almighty God, O hear our pray’r!
Write your law upon our hearts!
Help us keep the rights and freedoms
For which our fathers fought and died.

Teach us fellowship One with another
Based on truth, Built on Justice
Born of Love, flowering in Peace,
Flowering in Peace.

God compassionate and merciful,
God compassionate and merciful,
Give us thy light to live and enjoy
The dawn of a new day.

Puno ng pag-asa para sa kinabukasan ng bayan ang awit na ito. Puno rin ito ng panalangin upang maging maayos ang buhay at lipunang Filipino. Ganito ang naging pahayag ng Katuwang na Pinuno ng Kagawaran ng Edukasyon na si Albarracion:

Dr. Pajaro’s composition pictures in sounds the coming of a dawn laden with the promise of a new day for our people. Every Filipino, young and old, should learn to sing the official hymn of the 1971 Constitutional Convention.³⁴

Ngunit ang pag-asa upang mabago ang lipunan ay unti-unti ring nauwi sa wala.

Matatandaan na sa kumbensiyong konstitusyonal na ito, sinimulang manipulahin ni Marcos ang konstitusyon ng Pilipinas upang magkaroon siya ng lubos na kapangyarihang politikal. Sa pamamagitan ng kapangyarihang nakamit niya rito, naideklara niya ang Batas Militar noong Setyembre 1972 sa layuning mapigil ang pagtatapos ng kaniyang huling termino sa taong 1973.

Ngunit ang kapangyarihan, gaano man ito kalaki, ay may

katapusan. Ang kapangyarihan ay nagpapalipat-lipat at nagpapalit-palit ng pagmamay-ari. Sabi nga, “power is mobile and contingent.”³⁵ Ang katapusan ng paghahari ng mga Marcos ay nangyari dahil sa isang maling desisyon, ang pagdedeklara ni Marcos ng Snap Election noong 1983. Sa loob ng mahigit isang dekadang pagsupil sa karapatang pantao ay naipon ang nagngangalit na damdamin ng Filipino. Nagamit ang damdaming ito upang suportahan si Cory Aquino na biyuda ng pinaslang na si Benigno Aquino na siya namang tinitingnan noon bilang huling pag-asa ng Filipino upang isalba ang gobyerno sa pagbulusok nito sa patuloy na pamamahala ng mga Marcos.

Noong 1986, nangyari na ang di inaasahan, ang People Power na kinilala sa buong mundo bilang pinakapayapang rebolusyong nagpataksik sa isang rehimeng diktadurya. Kahit ang rebolusyong ito ay idinaos nang may awitan. Nanguna ang “Magkaisa” bilang awit ng rebolusyon. Narito ang mga titik ng awit na ito:

MAGKAISA³⁶

Ngayon, ganap ang hrap sa mundo
Unawa ang kailangan ng tao
Ang pagmamahal sa kapwa ilaan.
Isa lang ang ugat na ating pinagmulan
Tayong lahat ay magkakalahi
Sa unos at agos ay ‘wag padadala.

Panahon na ng pagkakaisa
Kahit ito ay hrap at dusa.
Magkaisa (may pag-asa pang natatanaw)
At magsama (bagong umaga’t bagong araw)
Kapit kamay (sa atin siya’y nagmamahal)
Sa bagong pag-asa.

Ngayon may pag-asang natatanaw
May bagong liwanag, bagong umaga
Pamamahala ng Diyos, isipin mo tuwina.

Isinulat nina Tito Sotto at Homer Flores, ang awit na ito ay napakahalagang ekspresyon ng Filipino sa panahong nabawi ang kalayaan mula sa rehimeng Marcos.

Malakas ang banta ng madugong kahihinatnan ng rebolusyon.

Ganito ang pahayag noon ni Marcos:

I have the power to destroy this rebellion if I feel enough is enough. I am not sick. I will not resign. I will even lead the troops against Enrile and Ramos. I smell gunpowder like an old war horse.³⁷

Isa na lamang pagpapala para sa mga demonstrador, mga tumiwalag na miyembro ng militar, at sa mamamayan na naiwasan ang higit pang kaguluhan at hindi nauwi sa katotohanan ang bantang pagwasak sa pag-aalsa laban sa gobyerno ng yumaong pinuno.

Isa pang awit ang nagtala sa nangyaring mapayapang rebolusyon. Ito ay ang “Handog ng Pilipino sa Mundo” na nilikha ni Jim Paredes. Narito ang mga titik:

HANDOG NG PILIPINO SA MUNDO³⁸

Di na ko papayag mawala pang muli
Di na ko papayag na muling mabawi,
Ating kalayaan kay tagal nating mithi
Di na papayagang mabawi muli.

Magkakapit-bisig libo-libong tao.
Kay sarap palang maging Pilipino.
Sama-sama iisa ang adhikain.
Kelan man di na papaalipin.

Handog ng Pilipino sa mundo,
Mapayapang paraang pagbabago.
Katotohanan, kalayaan, katarungan
Ay kayang makamit na walang dahas.
Basta't magkaisa tayong lahat.

Masdan ang nagaganap sa aming bayan.
NagkAsama ang mahirap at mayaman.
Kapit-bisig madre, pari, at sundalo.
Naging langit itong bahagi ng mundo.

Huwag muling payagang umiral ang dilim.
Tinig ng bawat tao'y bigyan ng pansin.
Magkakapatid lahat sa Panginoon.
Ito'y lagi nating tandaan.

Ang awit na ito ay simbolo rin ng pagkakaisa, di lamang

laban sa pinatalsik na pinuno, kundi para rin sa 15 artistang bahagi ng rendisyon ng awit. Ang titik na ito ay nakasulat sa haligi ng Our Lady of Edsa Shrine bilang pagpapahiwatig na ang awit na ito ay naging sandigan ng pagkakaisa sa mahalagang panahon ng pagbawi ng kalayaan ng Filipino mula sa kaniyang manunupil.

Kasama rin nito ang klasiko nang awit na nilikha noong dekada 1920, ang “Bayan Ko.” Ang awit na ito ay simbolo ng pagnanasang makalaya mula sa mga tanikalang bumibihag sa bansa. Inihalintulad ang bayan sa isang ibong naghahangad ng kalayaan mula sa rehas na kinalalagyan. Maaaring ang orihinal na pinatutungkulan ng awit ay ang mga Amerikano, at kakatwa na sa panahong muli itong inawit ay kakutsabang puwersa ng mga Marcos ang Estados Unidos sa pamumuno ni Ronald Reagan, sa pagbihag sa Filipino sa ilalim ng Batas Militar sa loob ng lipunang nakilala bilang Bagong Lipunan. Ang titik nito ay isinulat ni Jose Corazon de Jesus at ang musika naman ay likha ni Constancio de Guzman. Narito ang awit:

BAYAN KO

Ang bayan kong Pilipinas
Lupain ng ginto’t bulaklak,
Pag-ibig ang sa kaniyang palad
Nag-alay ng ganda’t dilag

At sa kaniyang yumi’t ganda
Dayuhan ang nahalina
Bayan ko! binihag ka
Nasadlak sa dusa.

Ibon mang may layang lumipad
Kulungin mo at umiiyak,
Bayan pa kayang sadyang dilag
Ang di magnasang makaalpas.

Pilipinas kong minumutya
Pugad ng luha ko’t dalita,
Aking adhika
Makita kang sadyang laya!³⁹

Ang pagmimithi sa kalayaan ay lagi nang bahagi ng kasaysayan ng Filipino sa Pilipinas. Ang mga unang paghahangad nito ay nakipaglaban sa mga panlabas na puwersa o mga dayuhan—mga

Kastila, Amerikano, Hapon. Ngunit ang pinakahuling pakikipaglaban, sa panahon ng Batas Militar, nakipagtagisan laban sa puwersang neo-kolonyalismo o ang pagkukutsabahan ng dayuhan at mga lokal na lider. Ang bayan ngang ito ay “[p]ugad ng luha ko’t dalita.” Ang adhikang palayain ito ay sinimulan na mula pa sa mga unang panahon ng pagtatangkang labanan ang mga dayuhan. Kinailangan ang sakripisyo ng buhay upang maibunsod ang malawakang kilos sa pagkakamit nito—ang “[a]king adhika/[m]akita kang sadyang layal”

PAGWAWAKAS

Makulay ang naging kasaysayan ng bansang Pilipinas sa panahon ng Bagong Lipunan. May temang pagsisimula. May aksiyong pagbubuo ng kultura sa pamamagitan ng pagtingin sa nakaraan ng Filipino at sa paggamit ng mga materyal na endemiko sa bansa. Ito ay naging pabalat sa malalim na impluwensiya ng kanluran sa kamalayan ng Filipino.

Kakatwang ang namumuno ng simulaing ito ay gumawa rin ng bagong simula sa kanilang mga talambuhay o ang pagbuo ng bagong bersiyon ng mga ito—si Ferdinand ay nilikha bilang isang bayani ng giyerang Filipino-Hapon at si Imelda naman bilang marangyang Romualdez. Di rin kaila na nakita nila ang sarili bilang sina Malakas at Maganda (makikita ang representasyon nito sa isang pinta sa Sto. Niño Shrine sa Leyte). Bukod pa rito ay ibinenta nila ang sarili bilang pinuno ng bansa. Ayon nga sa opisyal na talambuhay ni Imelda:

“While the President governed, she would inspire. The President would build the body; she would provide the soul. He would put up the house and she would furnish.”²⁴⁰

Mas nakamamangha kung iisipin ang ginawang pagrebisa ni Marcos sa nakatalang kasaysayan ng Pilipinas sa itinakdang apat na tomo ng mga aklat na may pamagat na *Tadhana*. Isinulat ng komite ng mga historyador na karamihan ay mula sa UP, ang *Tadhana* ay magsasalaysay sana sa simula ng kasaysayan ng bansa at magtatapos sa Bagong Lipunan bilang pinakamatayog na narating ng lipunang Filipino.

Sa ganitong takbo ng kaisipan ay di na nakapagtataakang kahit ang bansang kanilang pinamunuan ay tinangkang buuin sa isang pantasya bilang Bagong Lipunan kung saan may kasaganaan at kapayapaan ang lahat. Nakapagtataka lamang na inisip nila ang ganito sa kabila ng katiwalian, pag-aabuso, at pagtatangkang angkinin ang kapangyarihang politikal nang walang hanggan.

Ginamit ang musika bilang tagabuo at tagapagpakilala ng kamalayan sa Bagong Lipunan, naging kasangkapan at tagapamagitan ito at ng manlilikha nito, ang kompositor, sa pagitan ng mundo ng buhay sa lipunan at ng buhay na nililikha sa kamalayan ng lipunan bilang isang Bagong Lipunan. Sa huli ay naging ekspresyon din ito ng paglaban sa rehimeng nais nang ibasura ng mamamayan.

Ang musika bilang gamit sa pagpapahayag ng saloobin, proyekto at iba pang layon ng Bagong Lipunan ay kumakatawan lamang sa nag-eendoso nito. Ang tagapamagitan, ang kompositor, ay isa lamang midyum na nadidiktahan ng impluwensiyang panlabas o panloob (personal) man. Maaari siyang kontrolahin sa iba't ibang lebel ng aspekto ng buhay niya—politika, emosyon, at/o komisyon. Maaari siyang maging tagahatid o tagahubog ng idiniktang kaanyuan ng musika. Gayon pa man, panloob o panlabas man ang ekspresyong kaniyang inihatid, masasabing produkto rin siya ng panahong kaniyang kinabibilangan. Hinubog at patuloy siyang hinuhubog ng kaniyang lipunan. Maaaring maging malaya siya sa paghahatid ng kaniyang saloobin sa pamamagitan ng musika, at maaari rin siyang nalulukuban ng panlabas na impluwensiya sa paglikha ng musika. Kung ano man ang nagbunsod sa mga manlilikha ng musika sa panahon ng Bagong Lipunan, ito ang tawag ng panahon. Kung nakatulong siya sa pagpapalaya sa kamalayan ng bayan, naging makahulugan para sa lipunan ang kaniyang ambag.

Nagkaroon ng pagtatagpo sa lipunang isinalarawan ng mga awiting ginamit ng rehimen at sa mga awiting nagtangkang pataubin ang nawalang saysay na proyekto. Nawala ang tunay na kahulugan ng “Bagong Lipunan” sa buhay ng ordinaryong mamamayan dahil hindi nito lubos na binago ang buhay sa lipunang ginagalawan, bagkus, naging parte ito ng kolektibong bangungot. Maaalala ang kasabihan sa mga kilos protesta sa pagtatapos ng rehimen na “Tama na, Sobra na.” Ang sambit na ito ay kumakatawan sa paghahanap ng Filipino ng tunay na pagbabago sa kaniyang lipunan. Kung mayroon mang tunay at kamangha-manghang katangian na ipinakita ang mga Filipino sa panahong ito, ito ang tunay at lubos na pagkakaisa upang patalsikin ang rehimeng Marcos.

Sa bandang huli ay masasabing ang mga infraestukturang pangkultura na binuo sa panahon ng Bagong Lipunan ay may malaking gamit pa rin sa ating buhay sa kasalukuyan. Hindi naman lubos na walang saysay ang pahinang ito ng ating kasaysayan. Nariyan

pa rin ang CCP, Folk Arts Theater, Makiling High School for the Arts, at iba pa. Kasalukuyang ginagamit pa rin ang mga ito bilang sentro ng pagpapalawig at pagtataas ng antas ng ating kaalaman sa performatibong aspekto ng mga lokal at banyagang arte. Ang mga musika namang binuo sa panahong pinag-aralan ay kasalukuyan pa ring parte ng repertoryo sa mga pagtatanghal.

Masasabing nag-ambag ang gawang musika ng panahon sa pagtataas ng antas pangmusika ng mga kilalang kompositor sa kasalukuyan – silang naging mga haligi ng musika sa sumunod na panahon. Nabuwag man ang Bagong Lipunang tinangkang itayo, nanatili naman ang mga personaheng gumanap sa pagbuo nito. Namatay ang institusyon, ngunit ang mga bumuo nito ay nananatiling buhay di lamang bilang tagadala ng bagahe ng lumipas kundi sa paglihis sa direksiyong itinuro ng lipunang tinangkang buuin. Sumabay na lamang ang nakararami sa agos ng panahon at idinidikta nitong direksiyon.

Sa ngayon ay wala pa ring pampublikong pahayag at patutuos ukol sa ginampanang papel ng mga musiko sa pagbuo at/o pagbuwag sa Bagong Lipunan.

MGA TALA

¹Gerard Lico. 2003. *Edifice Complex: Power, Myth, and Marcos State Architecture*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 39.

²Clodualdo Del Mundo, Jr. *Telebisyon: An Essay on Philippine Television*. Pasay City: Cultural Center of the Philippines. 16.

³Binaggit kay Paul Rabinow, sa *The Foucault Reader* (1984). New York: Pantheon Books. 205.

⁴Binanggit kina Danaher, Schirato at Webb. 2000. *Understanding Foucault*. London: Sage Publications Ltd. 88.

⁵Mula kay Ferdinand Marcos (1976), sa *Notes on the New Society of the Philippines II*. NP: Marcos Foundation Inc. 164.

⁶Naaalala ko na pagdating ng hapon ay nagmamadali na kaming pumunta sa kapit-bahay para manood ng *Voltes V* o *Mazinger-Z*. Ang dahilan sa biglang pagkawala sa ere ng mga anime na ito ay ang pagpapatigil ni Marcos sa pagpapalabas dahil sa reklamo ng mga magulang sa biyolenteng sangkap ng mga ito. Del Mundo, 20.

⁷Ibid., 20.

⁸Binanggit sa *America's Boy: The Marcoses and the Philippines*, ni James Hamilton-Paterson. 1998. London: Granta Books. 135.

⁹Imelda Romualdez Marcos. 1981. *Paths to Development*. Manila: National Media Production Center. 36.

¹⁰Ibid., 18.

¹¹Ramona S. Diaz. 2004. *Imelda. A Documentary*.

¹²Loc cit.

¹³Ang variety ng puno ng niyog na ginamit dito ay nagngangalang “Imelda Madera” na idinivelo ng Philippine Coconut Authority at ipinangalan kay Imelda.

¹⁴Binanggit kay Gerard Lico, sa *Edifice Complex*. 49.

¹⁵Imelda Romualdez Marcos. 1981. *Paths to Development*. Manila: National Media Production Center. 36.

¹⁶Binanggit kay Elizabeth Enriquez. 2003. *Channel Kultura: Radio*. Pasay City: Cultural Center of the Philippines.

¹⁷Crispin Maslog. 1988. “A Brief History of Philippine Mass Communication: From Spanish Times to the Present.” In Maslog (ed.) *Philippine Communication: An Introduction* (pp. 1-40) Quezon City: Philippine Association of Communication Editors. 30-32.

¹⁸Binanggit kay del Mundo. 24.

¹⁹*Mga Awit sa Bagong Lipunan*. 1974. Manila: ERA4. 17-18.

²⁰Mula sa *Power/knowledge: Selected Interviews and Other Writings, 1972-1977*. Colin Gordon, ed. (1977) New York: Pantheon Books. 131.

²¹Binanggit ni Gerard Lico. 2003. *Edifice Complex: Power, Myth, and Marcos State Architecture*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 85.

²²Mga Awit sa Bagong Lipunan. 1974. Manila: ERA4. 7.

²³Ibid.

²⁴Ibid., 8.

²⁵Ibid.

²⁶Binanggit kina Danaher, Schirato at Webb. 2000. *Understanding Foucault*. London: Sage Publications Ltd. 48.

²⁷*Mga Awit sa Bagong Lipunan*. 1974. Manila: ERA4. 42.

²⁸Binanggit sa James Boyce (1993), sa *The Political Economy of Growth and Impoverishment in the Marcos Era*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 72.

²⁹*Ibid.*, 74.

³⁰Binanggit kay James Boyce (1993), sa *The Political Economy of Growth and Impoverishment in the Marcos Era*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 61.

³¹*Mga Awit sa Bagong Lipunan*. 1974. Manila: ERA4. 23-26.

³²“Under P.D. 27’s ‘Operation Land Transfer’, landlord holdings in excess of seven hectares were to be expropriated. The landlord would receive compensation equal to two and one half years’ normal harvest, 10 percent of it in cash and the remainder in Land Bank bond. The erstwhile tenants would become an ‘amortizing owner’, making annual payments to the government Land Bank for 15 years. The amortizing owner would initially receive a Certificate of Land Transfer (CLT) and then, after completing the payments, an ‘Emancipation Patent’. These new land rights would be transferable only by inheritance. On landlord holdings below the seven-hectare limit, tenants would become leaseholders with secure tenancy rights and fixed rents.” Binanggit kay James Boyce (1993), sa *The Political Economy of Growth and Impoverishment in the Marcos Era*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 135.

³³*Ibid.*, 136.

³⁴*Mga Awit sa Bagong Lipunan*. 1974. Manila: ERA4. 20-21.

³⁵Hango mula sa likod na pabalat ng awit na *The Dawn of a New Day*. Manila: ConCon.

³⁶Binanggit kina Danaher, Schirato at Webb. 2000. *Understanding Foucault*. London: Sage Publications Ltd. 71.

³⁷Ang awit na ito ay nilikha nina T. Sotto, H. Flores, at E. De la Pena, at inawit ni Virna Lisa. Halaw sa *The 1001 Ultimate Songbook – Pinoy Music Special Edition*, 178-179.

³⁸Binanggit ni Marcos sa isang programa sa radyo sa kainitan ng Edsa Revolution.

³⁹*The 1001 Ultimate Songbook – Pinoy Music Special Edition*, 223-224.

⁴⁰Mula sa *KUNDIMAN at iba pa* (Manila: DECS and LIKHAWIT Enterprises Co., 1994). 46-47.

⁴¹Mula kay Carmen Navarro Pedrosa, sa *The Rise and Fall of Imelda Marcos* (1987). Manila: Bookmark. 107.

SANGGUNIAN

Abinales, Patricio N. 1998. *Images of State Power: Essays on Philippine Politics from the Margins*. Quezon City: University of the Philippines.

Boyce, James. 1993. *The Political Economy of Growth and Impoverishment in the Marcos Era*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Broad, Robin. 1988. *Unequal Alliance, 1979-1986: The World Bank, the International Monetary Fund, and the Philippines*. Quezon City: Ateneo University Press.

CCP Encyclopedia of Philippine Art, Vol. VI (Philippine Music). Manila: Cultural Center of the Philippines, 1994.

Danaher, Schirato at Webb. 2000. *Understanding Foucault*. London: Sage Publications Ltd.

De Leon, Felipe, ed. 1974. *Mga Awit sa Bagong Lipunan*. Manila: ERA4.

Del Mundo, Clodualdo Jr. 2003. *Telebisyon: An Essay on Philippine Television*. Pasay City: Cultural Center of the Philippines.

Diaz, Ramona S. 2004. *Imelda: A Documentary*.

Enriquez, Virgilio, ed. 1980. *The Filipino Weltanschauung in Language, Literature, Popular Culture, Visual Arts and Other Fields*. QC: Philippine Psychology Research House.

Foucault, Michel. 1980. *Power/Knowledge: Selected Interviews & Other Writings, 1972-1977*. New York: Pantheon Books.

———. 1977. *Discipline and Punish: The Birth of Prison*. Middlesex: Penguin Books.

Ang Bagong Lipunan, 1972-1986: Panimulang Pag-aaral sa Musika at Lipunan

- Guillermo, Alice G. 2001. *Protest/Revolutionary Art in the Philippines, 1970-1990*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Hamilton-Paterson, James. 1998. *America's Boy: The Marcoses and the Philippines*. London: Granta Books.
- Isang Bansa, Isang Diwa. 1983. *A Collection of Filipino Songs for Elementary Schools*. Manila: CCP
- KUNDIMAN at iba pa. 1994. Manila: DECS and LIKHAWIT Enterprises Co.
- Lacaba, Jose F. 2003. *Days of Disquiet, Nights of Rage: The First Quarter Storm and Related Events*. Manila: ANVIL.
- Lico, Gerard. 2003. *Edifice Complex: Power, Myth, and Marcos State Architecture*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Lotringer Sylvere, ed. 1996. *Foucault Live: Michel Foucault Selected Interviews, 1961-1984*. New York: Semiotext(e).
- Marcos, Ferdinand. 1976. *Notes on the New Society of the Philippines II*. Manila: Marcos Foundation, Inc.
- Marcos, Imelda R. 1981. *Paths to Development*. Manila: National Media Production Center.
- Maslog, Crispin. 1988. "A Brief History of Philippine Mass Communication: From Spanish Times to the Present." In Maslog (ed.) *Philippine Communication: An Introduction* (pp. 1-40) Quezon City: Philippine Association of Communication Editors.
- Mauricio, Luis R. ed. 1986. *Renato Constantino and the Marcos Watch*. Quezon City: Karrel, Inc.
- McDougald, Charles C. 1987. *The Marcos File*. San Francisco: The San Francisco Publishers.
- Montiel, Cristina. 2007. *Living and Dying: In Memory of 11 Ateneo de Manila Martial Law Activists*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- National Music Competitions for Young Artists. 1982. *Children's Choir Series I*. Manila: NAMCYA.
- _____. 1983. *Children's Choir Compilation Series II*. Manila: NAMCYA.

- _____. 1983. *Commisioned Works for Children's Choir, 1979-1982*. Manila: NAMCYA.
- _____. 1979. *Commisioned Works for Children's Choir, 1973-1978*. Manila: NAMCYA.
- _____. 1979. *Commisioned Works for Youth Choir, 1975-1978*. Manila: NAMCYA.
- Pajaro, Eliseo M. 1974. *Himig Pilipino ng Bagong Lipunan (Philippine Airs of the New Society)* Original Choruses for Elementary and Secondary Schools, Vol. II.
- _____. 1971. *The Dawn of a New Day*. Manila: Constitutional Convention.
- Parungao, Eduardo G. 1984. *Iba't ibang Kulay ng Buhay* (20 Original Compositions for Children's Choir). NP.
- Pedrosa, Carmen Navarro. 1987. *The Rise and Fall of Imelda Marcos*. Manila: Bookmark.
- Rabinow, Paul. 1984. *The Foucault Reader*. New York: Pantheon Books.
- Shalom, Stephen. 1986. *The United States and the Philippines: A Study of Neocolonialism*. Quezon City: New Day Publishers.
- Silverio, Julio F. 1978. *Golden Quotations of Our First Lady, Mrs. Imelda Romualdez Marcos*. Caloocan City: Philippine Graphic Arts, Inc.
- Smart, Barry. 1985. *Michel Foucault*. New York: Tavistock Publications.
- Thompson, Mark. 1996. *The Anti-Marcos Struggle: Personalistic Rule and Democratic Transition In the Philippines*.
- The 1001 Ultimate Songbook – Pinoy Music Special Edition, Series 2*. N.P. N.D.
- Youngblood, Robert L. 1993. *Marcos Against the Church: Economic Development and Political Repression in the Philippines*. Quezon City: New Day Publishers.

Raul C. Navarro is currently Associate Professor and Chair of the Conducting and Choral Ensemble Department of the University of the Philippines College of Music, Dr. Raul C. Navarro earned his Doctor of Philosophy degree in Philippine Studies (2004) from the College of Arts and Letters, University of the Philippines Diliman. He received the 2008 U.P. Gawad sa Natatanging Publikasyon sa Filipino (Kategoryang Oribinal na Pananaliksik) award for his book *Kolonyal na Patakaran at ang Nagbabagong Kamalayang Filipino: Musika sa Publikong Paaralan sa Pilipinas, 1898-1935* published by the Ateneo de Manila University Press. This book won the 2008 National Book Award for History in the recently held 27th National Book Awards. He is the Music Director of the UP Vocal Ensemble, Santa Isabel College Singers, Bangko Sentral Singers, Tourism Chorale, and the Mary the Queen Children's Choir.